

**Paano mag-apply para sa pag-inspeksyon sa o
pag-alis ng mga item mula sa bank deposit box
ng isang tao na namatay noong o pagkatapos ng
11 ng Pebrero 2006**



Paano mag-apply para sa pag-inspeksyon sa o pag-alis ng mga item mula sa bank deposit box ng isang tao na namatay noong o pagkatapos ng 11 ng Pebrero 2006

Panimula

Ang Ordinansa (Abolishyon ng Estate Duty) ng Revenue 2005 ay nagbibigay para sa pag-inspeksyon sa at pag-alis ng mga item mula sa safe deposit box na inarkilahan ng isang namatay na tao noong o pagkatapos ng 11 ng Pebrero 2006. Ang Direktor ng Home Affairs, sa ilalim ng awtoridad na itinalaga ng Kalihim para sa Home and Youth Affairs, ay maaaring mag-isyu ng aplikasyon na "Sertipiko ng Pangangailangan sa Pag-inspeksyon sa Bank Deposit Box" (sertipiko para sa pag-inspeksyon) para sa mga layuning pag-inspeksyon at isang "Awtorisasyon para sa Pag-alis mula sa Bank Deposit Box" (awtorisasyon sa pag-alis) para sa layunin na pag-alis ng ispesipikong (mga) item. Ang mga Seksyon 60C hanggang 60I ng Probate and Administration Ordinance, Kabanata 10, Mga Batas ng Hong Kong, ay nauugnay.

Ang safe deposit box na pinag-usapan ay maaaring arkilahan -

- (a) sa nag-iisang pangalan ng namatay na tao;
- (b) magkakasama sa ibang (mga) tao at kung saan ang kasunduan ng pag-alkila ay nagbibigay ng "kasunduan ng survivorship", ibig sabihin, access sa mga nilalaman ng kahon sa sinumang mga nag-alkila ng kahon ay hindi apektado sa kamatayan ng ibang nag-alkila ng kahon, hal. ang kasunduan ay partikular na nagpapahayag na dapat kilalanin ng bangko ang (mga) natirang-nabuhay bilang ang nag-iisang (mga) tao na mayroong karapatan o interes sa ilalim ng kasunduan sa panahon ng pagkamatay ng isa sa magkakasamang nag-alkila; o
- (c) magkakasama sa ibang (mga) tao at kung saan ang kasunduan ng pag-alkila ay hindi nagbibigay ng "kasunduan ng survivorship".

Pag-inspeksyon sa Bank Deposit Box

Aplikasyon para sa sertipiko para sa pag-inspeksyon

Ang aplikasyon para sa pag-inspeksyon ng safe deposit box ng namatay na tao ay dapat gagawin sa Form HAEU3. Ang aplikasyon ay maaaring gagawin ng -

- (a) isang tagapagpatupad ng namatay na tao;
- (b) isang tao na karapat-dapat sa prayoridad na pangasiwaan ang ari-arian; o
- (c) ang natirang-nabuhay na nag-alkila kung ang safe deposit box ay magkasamang inarkilahan ng namatay na tao at ng ibang (mga) tao.

Ang aplikante ay dapat may susi sa safe deposit box.

Mga dokumentong suporta

Ang sumusunod na mga dokumento (mga orihinal at mga photocopy) ay kinakailangan upang sumusuporta sa aplikasyon na para sa pag-inspeksyon ng safe deposit box -

- (a) ang card/pasaporte na pagkakakilanlan ng namatay na tao;
- (b) ang sertipiko ng kamatayan ng namatay na tao;
- (c) ang card/pasaporte na pagkakakilanlan ng aplikante;
- (d) ang huling habilin ng namatay na tao, kung ang aplikante ay may kakayahan bilang tagapagpatupad;
- (e) anumang (mga) dokumento na naging ebidensya ng relasyon sa pagitan ng namatay na tao at ng aplikante, tulad ng sertipiko ng kasal o kapanganakan, kung ang aplikante ay hindi ang tagapagpatupad ng namatay na tao;
- (f) ang (mga) sulat ng pagtatakwil na nararapat na naisakatuparan ng (mga) tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian, kung mailalapat;
- (g) ang (mga) sertipiko ng kamatayan ng (mga) tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian, kung mailalapat;
- (h) ang (mga) sulat na awtorisasyon mula sa (mga) tagapagpatupad o ng (mga) tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian (nilagdaan sa harapan ng isa pang kamag-anak, kung ang awtorisasyon ay hindi inihanda ng isang legal na negosyo), kung mailalapat;
- (i) anumang (mga) dokumento na naging ebidensya sa relasyon sa pagitan ng (mga) tao na pinangalanan sa ilalim ng (f) o (g) o (h) at ang namatay na tao, kung mailalapat; at
- (j) anumang (mga) dokumento na naging ebidensya sa pag-iiral ng safe deposit box, hal. ang kasunduan sa pag-alkila ng kahon.

Mangyaring sumangguni rin sa seksyon ng ***Pag-inspeksyon ng safe deposit box sa natatanging mga pangyayari*** sa ilalim na nagtatakda ng karagdagang ebidensya na kinakailangan sa mga pangyayari.

Ipinangako namin na mag-iisyu ng "Sertipiko para sa Pangangailangan ng Pag-inspeksyon sa Bank Deposit Box" sa loob ng sampung araw ng trabaho sa pagkatanggap ng aplikasyon at lahat na kinakailangang mga dokumento at impormasyon.

Nakatakdang-pagkikita para sa pag-inspeksyon

Sa pag-isyu ng sertipiko para sa pag-inspeksyon, ang naghawak ng sertipiko ay dapat maggawa ng nakatakdang-pagkikita sa Estate Beneficiaries Support Unit ng Home Affairs Department para sa pag-inspeksyon. Ang mga opisyal ng Estate Beneficiaries Support Unit ay dadalo sa proseso ng pag-inspeksyon.

Proseso ng Pag-inspeksyon

Ang bangko ay hihingi ng katunayan sa pagkakakilanlan ng naghawak sa sertipiko para sa pag-inspeksyon at isang kawani ng bangko ang dadalo sa proseso ng pag-inspeksyon. Kung ang pinag-usapan na safe deposit box ay magkakasamang inalkilahan, ang sertipiko ng pag-inspeksyon ay karaniwang kinakailangan, bilang isang kundisyon ng pag-inspeksyon, ang presensya ng ibang partido, ibig sabihin, ang tagapagpatupad/tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian o ng natirang-nabuhay na nag-alkila.

Walang dokumento o artikulo, na hindi kasali ang habilin o ang parehong instrumento sa ilalim ng natatanging mga pangyayari, ay dapat na alisin mula sa safe deposit box sa pag-inspeksyon.

Pag-aalis ng habilin

Kung ang habilin o ang parehong instrumento ay natagpuan sa safe deposit box sa pag-inspeksyon, at ang naghawak ng sertipiko ay ang tagapagpatupad o isa sa mga tagapagpatupad na pinangalanan doon, pahintutulutan ng bangko ang naghawak na alisin ang habilin o instrumento matapos na isang kopya nito ay inilagay sa kahon. Sa ibang mga kaso, ang bangko ay gagawa ng habilin o instrumento, ilagay ang orihinal balik sa kahon at ibigay ang kopya sa mga opisyal ng publiko na naroroon. Kinakailangan ng batas ang Kalihim ng Home and Youth Affairs na itago ang kopya ng habilin o ng parehong instrumento sa 6 na taon.

Paghanda ng Imbentaryo

Kung saan -

- (a) na walang habilin o parehong instrumento na natagpuan sa loob ng safe deposit box;
- (b) ang isang habilin o parehong instrumento na natagpuan sa loob ng safe deposit box at ang naghawak ng sertipiko ay isang pinangalanan doon na tagapagpatupad, o
- (c) ang naghawak ng sertipiko ay ang natirang-nabuhay na nag-alkila sa kaso na magkakasamng inalkilahan na safe deposit box,

ang naghawak ng sertipiko para sa pag-inspeksyon ay dapat maghanda ng imbentaryo ng mga nilalaman ng safe deposit box sa harapan ng kawani ng bangko, mga opisyal ng publiko, at sa kaso ng magkakasamang inalkilahan na safe deposit box, ang isa pang partido, ibig sabihin, ang natirang-nabuhay na nag-alkila o ang tagapagpatupad/tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian. Ang mga opisyal ng publiko ay maaaring *tumutulong* sa paghanda ng imbentaryo kung kailangan. Ang naghawak ng sertipiko at ang mga opisyal ng publiko ay dapat magpapatunay sa pagiging totoo at katumpakan ng imbentaryo sa pamamagitan ng paglagda sa orihinal na kopya.

Ang orihinal na kopya ng imbentaryo ay itatago ng naghawak sa sertipiko. Ang ibang mga partido na naroroon ay bibigyan ng kopya ng iyon. Ang batas ay nangangailangan ng bangko at ng Kalihim para sa Home and Youth Affairs na itago ang kopya ng imbentaryo ng 6 na taon.

Pag-inspeksyon ng safe deposit box sa espesyal na mga pangyayari

Kung ang habilin o parehong instrumento ay natagpuan sa safe deposit box ngunit -

- (a) ang habilin o instrumento ay hindi wasto;
- (b) walang pinangalanan na tagapagpatupad sa habilin o instrumento; o
- (c) ang tagapagpatupad o ang lahat na mga tagapagpatupad na pinangalanan sa habilin o instrumento ay -
 - (i) hindi matatagpuan;
 - (ii) tumatanggi na tumayo bilang tagapagpatupad;
 - (iii) patay na; o
 - (iv) kung hindi man walang kakayahan na tumatayo bilang tagapagpatupad,

isang tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian ay maaaring mag-apply para sa sertipiko ng pag-inspeksyon. Siya ay sumusuporta sa aplikasyon na may sapat na ebidensya, at ang kaugnay na mga salik ay ipahayag sa sertipiko para sa pag-inspeksyon.

Pag-alis ng Mga Item mula sa Bank Deposit Box

Isang awtorisasyon sa pag-alis ng ispesipikong mga dokumento (kabilang ang habilin o parehong instrumento) o mga artikulo mula sa safe deposit box ng namatay na tao ay iisyu lamang matapos ang imbentaryo ng mga nilalaman ng kahon ay inihanda. Ang batas ay nagbibigay na ang dokumento ay maaaring aalisin mula sa safe deposit box kung-

- (a) ang dokumento ay kailangan para o kaugnay sa isang aplikasyon para sa buod na pangangasiwa, isang gawad ng representasyon o pagseselyo ng isang dayuhang gawad;
- (b) (i) ang dokumento ay pagmamay-ari na prima facie sa isang tao na iba sa namatay na tao;
- (ii) ang dokumento ay agarang kinakailangan ng tao; at
- (iii) ang pag-alis ng dokumento ay makakapinsala sa lehitimong interes ng sinumang tao sa ari-arian ng namatay na tao.

Ang pag-alis ng dokumento ng halagang pera at mga artikulo mula sa safe deposit box ay hindi pinahihintulutan, maliban sa mga kaso na kung saan ang aplikante ay ang natirang-nabuhay na nag-arkila ng magkakasamang inarkilahan na safe deposit box na may pag-aayos sa survivorship sa ilalim ng ispesipikong mga pangyayari.

Aplikasyon para sa awtorisasyon para sa pag-alis

Ang isang aplikasyon para sa awtorisasyon para sa pag-alis ng mga item mula sa safe deposit box ay maaaring gagawin ng -

- (a) isang tagapagpatupad ng namatay na tao;
- (b) isang tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian; o
- (c) ang natirang-nabuhay na nag-arkila kung ang safe deposit box ay magkakasamang inarkilahan ng namatay na tao at ibang (mga) tao.

Magkakasamang inarkilahan na safe deposit box na may pag-aayos na survivorship

Kung saan ang kasunduan ng pag-arkila ng magkakasamang inarkilahan na safe deposit box ay nagbibigay para sa pag-aayos na survivorship, ang natirang-nabuhay na nag-arkila ay maaaring mag-apply para sa isang awtorisasyon na alisin mula sa safe deposit box ang mga dokumento at mga artikulo na kanyang pagmamay-ari. Ang aplikasyon ay dapat gagawin sa Form HAEU4A, at ang natirang-nabuhay na nag-arkila ay dapat kumuha ng nakasulat na pahintulot sa tagapagpatupad/tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian sa pag-alis ng mga item, gayundin sa presensya ng huli sa proseso ng pag-alis.

Pagkatapos ng 12 buwan kasunod sa kamatayan ng namatay na tao, ang natirang-nabuhay na nag-arkila ay maaaring isasagawa niya ang kanyang karapatan na makaka-access sa safe deposit box kung ang imbentaryo ng mga nilalaman sa safe deposit box ay inihanda na alinsunod sa kaugnay na legal na mga probisyon. Hindi na kailangan na mag-apply para sa awtorisasyon ng pag-alis ng mga item. Gayunpaman, ang bangko ay hihingi pa rin ng sapat na katibayan na ang namatay na tao ay patay na sa nakaraang 12 buwan.

Ang ibang mga aplikasyon para sa pag-alis ng (mga) dokumento mula sa safe deposit box na tumugon sa mga kundisyon na itinakda sa ilalim ng pamuhatan na **Pag-alis ng Mga Item mula sa Bank Deposit Box** sa itaas ay dapat gagawin sa Form HAEU4B.

Sa mga kaso na kung saan ang safe deposit box ay magkakasamang inarkilahan ng namatay na tao kasama ng ibang (mga) tao, ang aplikasyon ay dapat suportahan ng nakasulat na pahintulot mula sa ibang partido (hal. ang natirang-nabuhay na (mga) nag-arkila sa mga kaso na kung saan ang aplikante ay ang tagapagpatupad/tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian ng namatay na tao, o ang tagapagpatupad/tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian kung ang aplikante ay ang natirang-nabuhay na nag-arkila).

Ipinangako namin na mag-iisyu ng "Awtorisasyon para sa Pag-alis mula sa Bank Deposit Box" sa loob ng sampung araw ng trabaho sa pagkatanggap ng aplikasyon at lahat na kinakailangang mga dokumento at impormasyon.

Mga dokumentong suporta

Ang sumusunod na mga dokumento (mga orihinal at mga photocopy) ay kinakailangan upang sumusuporta sa aplikasyon na para sa pag-alis ng mga item mula sa safe deposit box -

- (a) ang card/pasaporte na pagkakakilanlan ng aplikante;
- (b) ang imbentaryo ng bank deposit box;
- (c) ang huling habilin ng namatay na tao, kung ang aplikante ay ang tagapagpatupad ng namatay na tao at ang kopya ng habilin ay hindi naibigay;
- (d) anumang (mga) dokumento na naging ebidensya ng relasyon sa pagitan ng namatay na tao at ng aplikante, tulad ng sertipiko ng kasal o kapanganakan, kung ang aplikante ay hindi ang tagapagpatupad ng namatay na tao at ang ganoong dokumento ay hindi naibigay;
- (e) ang (mga) sulat ng pagtatakwil na narapat na naisakatuparan ng (mga) tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian, kung mailalapat at hindi naibigay;
- (f) ang (mga) sertipiko ng kamatayan ng (mga) tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian, kung mailalapat at hindi naibigay;
- (g) anumang (mga) dokumento na naging ebidensya sa relasyon sa pagitan ng (mga) tao na pinangalanan sa ilalim ng (e) at (f) at ang namatay na tao, kung mailalapat; at sa paggalang ng mga aplikasyon sa Form HAEU4A:
- (h) (mga) dokumento na naging ebidensya sa pagmamay-ari ng natirang-nabuhay sa (mga) dokumento at/o (mga) artikulo na aalisin.

Alusitha

Pagkatapos sinuri ng Estate Beneficiaries Support Unit ang aplikasyon para sa awtorisasyon para sa pag-alis, maaari nitong hihilingin ang aplikante na manunumpa/sumang-ayon sa alusitha sa totoo at kawastuhan ng mga katotohanan na itinakda sa aplikasyon.

Aplikasyon para sa kopya/Sertipikadong Tunay na Kopya ng Dokumentong itinago ng Direktor ng Home Affairs

Ang karapat-dapat na mga tao ay maaaring mag-apply para sa kopya/sertipikadong tunay na kopya ng kopya ng habilin o parehong dokumento sa safe deposit box o sa kopya ng imbentaryo sa paggalang ng safe deposit box na itinago ng Direktor ng Home Affairs. Ang bayarin para sa kopya/sertipikadong tunay na kopya ay babayaran.

- Sa kaso ng kopya ng habilin o parehong instrumento, ang aplikante ay dapat ang tao na karapat-dapat sa mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian na nagnanais na mag-aplay para sa isang gawad na may kinalaman sa ari-arian ng namatay na tao, at ang habilin o instrumento ay kinakailangan para o nauugnay sa aplikasyon na pinag-uusapan.

- Sa kaso ng kopya ng imbentaryo, ang aplikante ay dapat siya ang may lehitimong interes sa ari-arian ng namatay na tao o ng natirang-nabuhay na nag-arkila ng safe deposit box na magkakasamang inarkilahan ng namatay na tao.

Ang aplikasyon para sa kopya/sertipikadong tunay na kopya ng kopya ng habilin o parehong instrumento sa safe deposit box o sa kopya ng imbentaryo sa paggalang ng safe deposit box na itinago ng Direktor ng Home Affairs ay gagawin sa Form HAEU6A o HAEU6B ayon sa pagkakabanggit.

Mga Form

Ang mga kopya ng form HAEU3, HAEU4A, HAEU4B, HAEU6A at HAEU6B ay makukuha mula sa Estate Beneficiaries Support Unit ng Home Affairs Department. (Mangyaring sumangguni sa seksyon na **Katanungan** sa ibaba para sa mga detalye ng kontak.) Bilang kahalili, ang mga form ay maaaring i-download mula sa sumusunod na mga website:

https://www.had.gov.hk/en/public_services/estates/forms_publications.htm

Katanungan

Kung mayroon kang anumang mga tanong kaugnay sa pag-inspeksyon sa o pag-alis nga mga item mula sa safe deposit box ng isang tao na namatay noong o matapos ang 11 ng Pebrero 2006, maaari kang makipag-ugnayan sa Estate Beneficiaries Support Unit ng Home Affairs Department –

- Address : 3/F, Southern Centre, 130 Hennessy Road, Wan Chai, Hong Kong
- Telepono : 2835 1535
- Fax : 2122 9497
- E-mail : ebsu@had.gov.hk
- Website : https://www.had.gov.hk/en/public_services/estates.htm

Para sa pagpangasiwa ng mga ari-arian ng mga tao na namatay noong o bago ang 11 ng Pebrero 2006, mangyaring makipag-ugnayan sa Estate Duty Office ng Inland Revenue Department sa 2594 3240.

Kagawaran ng Home Affairs
Pebrero 2024

Inilimbag ng Kagawaran ng Mga Lohistika ng Pamahalaan